

ANG HIYÒ NG SAMPALOC, QUEZON: KALIKASAN AT KONTINUUM

Vijae O. Alquisola

ABSTRAK

Bahagi ng karaniwang karanasan ng karamihan ang pakikinig o pagkarinig sa hiyò (hele). Subalit sa kabila ng malakas na presensiya ng awit sa pagpapatulog, nananatiling pangangailangan na masaliksik at mapag-aralan ito, gaya ng mababatid sa limitadong artikulo at aklat sa bansa ukol sa naturang anyo. Dahil dito, pinagtuunan ng sanaysay ang hiyò, lokal na hele mula sa Sampaloc, Quezon. Sinudhî o sinuri ang anyo (sukat, tugma, retorika) at nilalaman. At upang higit na maunawaan ang kalikasan ng hiyò at mailugar ito sa malikhaing produksiyon ng lalawigan ng Quezon, tinalakay, sinudhî, at inihambing ang mga nakalap na hiyò sa mga hele ng lalawigan na nahango sa ibang pag-aaral. Sa dulo, sinikap ipakita ng saliksik ang mahalagang papel ng heograpiya, lokal na kultura, at realidad ng Sampaloc sa paghugis sa hiyò upang magkaroon ng namumukod at konektadong katangian sa mga hele sa lalawigan at bansa.

MGA SUSING SALITA: *Hiyò, Sampaloc, Quezon, Oyayi, Tradisyong Oral, Panitikang Oral*

Panimula

Sa “A Lexicographic Study of Tagalog Tayabas,” naitala ni E. Arsenio Manuel ang salitang hiyò na nangangahulugang awit sa pagpapatulog na nagsisimula sa linyang, “hiyò, hiyò” (157). Matingkad ang markang ito sa

mga hiyò na nakalap sa Sampaloc, Quezon noong 2017 mula sa sumusunod na impormante: Mering Barnes (Brgy. Bayongon), Enriqueta Roazol (Brgy. Alupay), Nerissa Ladines (Brgy. Caldong/ San Isidro), at Vitaliana Villaverde (Brgy. San Isidro). Iminamarka ng pag-uulit sa simula ang pagiging tradisyonal ng hiyò, gaya ng pinagtitibay ng “horizontal spread test”¹ ng mga atropologo, o ang pagkakaroon ng nakaaalam sa awit maging sa ibang barangay, at “vertical spread test” na makikita sa pagpapasalin-salin nito sa ilang henerasyon (*Philippine Oral Traditions* 8-9). Ayon sa mga impormante, natutuhan nila ito sa nanay ng nanay nila. Na sa kaso naman ni Ladines, sa kaniyang lolo niya nalaman ang hiyò na inaawit nito sa paghehele sa kaniyang anak (apo sa tuhod ng naghihiyò).

At upang mas maintindihan ang hiyò bilang tradisyonal na anyo at bahagi ng panitikang oral, sinudhî ang sumusunod: estruktura ng awit/ tula, wika bilang pagkakakilanlan. Sa pagpapalitaw naman ng katangian at kontinuum ng hiyó—ikinumpara ang mga ito sa mga awit sa pagpapatulog sa lalawigan na nakalap sa pag-aaral ni Cherry Ann Layson noong 2020.

Sa diksiyonaryo, ang kontinuum ay isang serye ng pagbabago ng mga bagay o konsepto na nagpapakita ng antas at posibilidad ng naturang mga pagbabago (halimbawa sa kaso ng hiyò: mula sa pagkakaugnay nito tungo sa unti-unting pag-iiba sa karaniwang kalikasan ng hele). Kung isasaalang-alang ang madulas na katangian ng tradisyong oral, agad mababatid ang hamon sa pagtatangkang maipakita ang pagbabago sa anyong ito na sa bibig at pandinig pangunahing dumadaloy. Sa papel, tinangka itong imapa sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa teknikal na aspekto ng hiyò bilang sabayang awit at tula, at ang mga pagbabago di-lamang tungkol sa nilalaman kundi sa pagkasangkapan dito. Nakaangkla ang pagsipat sa mga hiyò sa agrikultural na katangian ng bayan at sa karanasan at realidad ng mga nakapanayam at naging kabahagi ng obserbasyon sa piling mga kabahayan sa Sampaloc, isang fifth class municipality, o sa madaling salita, isang mahirap na bayan.

Estruktura ng Hiyò

Dahil ang hiyò ay isang awit at tula, kapansin-pansin ang paggamit ng sukat at tugma gaya ng mababatid sa hiyò sa ibaba:

- | | |
|--|------|
| 1 Hiyo-hiyò bata, batang matulugin. | (12) |
| 2 Ang nanay mo'y wala nasa sa kaingin. | (12) |
| 3 Kung itatanong mo kung ano'ng kukunin | (12) |
| 4 Ay nakuha ng ayap, ating gugulayin. | (13) |
| 5 Talbos ng bayabas, buko ng balimbing, | (12) |
| 6 Ay may lauyang manok, inihaw na sisiw. | (13) |

Hiyò 1. Mula kina Barnes at Roazol.

Likas ang tugma at sukat sa awit upang mas maging kawili-wili para sa mga tagapakinig at mas madaling maisaulo. Sa naturang halimbawa, mapapansin na lalabindalawahin ang karamihang sukat ng mga linya. Nag-iba lamang ang regular na sukat na ito sa mga linya 4 at 6 dahil sa paglabis ng isang pantig.

Madaling maipaliliwanag, ang karagdagang ito ay bunsod ng paggamit ng “ay.” Subalit hindi naman masasabing malaking paglabag sa sukat ang nangyari dahil kaugnay ito ng pagiging bukas ng anyong oral sa kapamaraan ng mismong umaawit. Gayundin, maririnig sa “ay” ang punto (accent) ng mga Sampalukin. Madalas, ikinakabit ito sa ekspresyon sa Sampaloc tulad ng “ay yanung sarap! (sobrang sarap),” “ay dyale ka!” (grabe ka), “aywan sa iyo” (ewan sa iyo).

Hinggil naman sa tunog, bagaman hindi parehong-pareho and dulong patinig ng balimbing (linya 5) at “sisiw” (linya 6)—magkatugma pa rin ang mga ito sa ilalim ng tunog na “in.” Batay sa tugmaang Tagalog, “Kasintunog ng (in) ang il, im ir, iw, ing” (Balmaseda 72). Idagdag pa, sa tula,

ito ang tinatawag na panloob na tugmaan (internal rhyme) na nakasalikop din sa hiyò na ito dahil sa pagkakahawig ng “li” at “bi” ng balimbing sa dalawang “si” ng sisiw.

Mapupuna rin ang naging epekto ng punto at estilo ng umawit sa sukat ng isa pang bersiyon o ang maituturing na “kapares na hiyò” ayon kay Daz, isa sa mga nakapanayam. Sa ikalawang bersiyon, tatay naman ang nasa labas ng bahay. Dahil sa nadagdag na pang-ukol at hindi pagdaglat sa “sa iyong” na mas makapagpapadulas sana ng melodiya sa linya 8—lumabis muli ang maaaring lalabindalawahing pantig ng awit gaya ng makikita sa kasunod na hiyò (akin ang mga diin). Samantala, ang kulang na isang pantig naman sa linya 2 ng hiyò sa ibaba ay magiging lalabindalawahin kung gagawing “hindi” ang “di.”

1. Hiyò-hiyò latik, hinalo sa pulot (12)
2. ay **di** makuhit, ang bata ay antok. (11)
3. Tulog na, tulog na, batang matulugin. (12)
4. Ang tatay mo’y wala, nakuha ng saging. (12)
5. Kung itatanong mo kung bakit ang saging, (12)
6. **ay** wika ng Kastila’y mabuting pagkain. (13)
7. Tulog na, tulog na, tulog nang mahimbing (12)
8. at **sa iyong** paggising tayo ay kakain. (13)

Hiyò 2. Mula pa rin kay Ladines ang awit.

Sa magkapares na hiyò, karamihan ng mga linya ay may labindalawang pantig. Masasabing isa ito sa mga padrong sukat ng hiyò lalo na kung nakasulat na liriko ang isasaalang-alang. Higit, kung pagtutuunan ang mismong pagkakahati ng mga pantig sa bawat linya. Pansinin ang unang dalawang linya sa hiyò 1 at ang ikaapat at ikalimang mga linya sa hiyò 2.

Hiyo-hiyò bata, / batang matulugin. (12)

Ang nanay mo'y wala / nasa sa kaingin. (12)

Tulog na, tulog na, / batang matulugin. (12)

Ang tatay mo'y wala, / nakuha ng saging. (12)

May tiyak na hati (animan) ang lalabindalawahing pantig sa bawat linya gaya ng makikita sa minarkahan ng isang guhit pahilis. Sa bawat hati, malinaw ang kaisipan ng pahayag. Nagsisilbi rin itong saglit na pahinga na mahalaga sa awit at tula o ang tinatawag na sesura. Ganito rin ang makikitang hati sa iba pang lalabindlawahing mga linya sa magkapares na hiyò.

Nakapaloob ang ganitong pagkatha sa poetikang Tagalog gaya ng maagang inilagat ni Jose Rizal sa kaniyang *Arte Metrica del Tagalog* (1887) na naging kadluan ng mga sumunod na manunulat at iskolar ng Panitikan ng Pilipinas tulad nina Epifanio Delos Santos, Lope K. Santos, at Julian Cruz Balmaseda.

Ani Balmaseda, “Siya rin [Rizal] ang nagsabing sa ‘rima’ ng isang talata [ng lalabindalawahing pantig] ay di dapat magkasintunog ang una at ikalawang hati” (64). Kung muling papansinin ang tig-dalawang linya sa itaas at ang iba pang lalabindalawahing mga linya sa mga halimbawa—malinaw na nakaayon sa pamantayang ito ang unang dalawang hiyò na tinalakay. Dahil sa mga hindi magkatugmang mga salita sa hati sa linya (bata/matulugin; wala/kaingin; na/matulugin; wala/saging), iminamarka nito sa tagapakinig na ang sukat ay lalabindalawahin kung kaya ang dulong mga salita ang siyang nagtutugma (matulugin/kaingin; matulugin/saging). Sapagkat kung ang mga dulong pantig naman ng mga hati ang magtutugma, maaaring mapagkamalang aanimin ang pantigan, na bahagi rin ng masasabing padrong sukat ng hiyò gaya ng makikita sa ibaba.

Hiyò, hiyò bata,	(6)
tae mo'y mahaba.	(6)
Banton-bantunin mo,	(6)
sasayad sa lupa	(6)

***Hiyò 3.** Mula kina Barnes at Roazol.*

Hiyò, hiyò, bata	(6)
Batang matulugin	(6)
At ako sa iyo	(6)
Ang siyang gigising	(6)

***Hiyò 4.** Mula kay Villaverde.*

Sa Hiyò 3, agad mapapansin ang usapin sa tugma. Ang “mo” (linya 3) ay bumukod sa tugmaan ng mga salitang malumi: “bata” (linya 1), “mahaba” (linya 2), at “lupa” (linya 4). Subalit katulad lang din ng maagang paliwanag sa Hiyò 1—panloob na tugmaan ang ginamit: banton-batunin at mo. Mahalaga ang paggamit dito ng “mo” dahil direktang kinakausap ng nagpapatulog ang batang inihehele at binibiro na may “taeng mahaba.” Maari namang hindi na ulitin ang “mo” dahil nabanggit na ito sa “tae **mo’y** mahaba” (linya 2). Sa halip, puwede namang “Yong banton-batunin” na kapareho pa rin ang sukat. Subalit kung aawitin ang naturang panukala, hindi ito nakaayon sa natural na paghinga o nabanggit na sesura. Kukulangin ang hininga sa pag-awit sa “ba” sa “mahaba” (linya 2) dahil tila nakabitin ang paghinga, na lalong mapapabitin pa kung susundan ng “yong.”

Samakatuwid, malinaw ang dahilan ng paggamit ng “banton-bantunin mo” dahil natural na makahihinga ang umaawit sa bagsak ng “ban,” at may espasyo sa muling paghinga dahil sa pagsasalit sa “ton-ban-tunin” na dudulo sa isang pantig na “mo.” Madulas ang paglipat sa “mo” dahil bahagyang

nakalapat ang mga ngipin na bahagya ring nag-iipit sa dila—tamang posisyon upang madaling maibilog ang mga labi at mabigkas ang “mo.”

Mahalaga ang ganitong kapamaraan sa tula upang makalikha ng interesanteng ritmo (o minsan ay tensyon) dahil sa pagsasalit ng pantigan: mula sa limang pantig (*banton-batunin*) na biglang susundan ng isang pantig (mo). Isang estratehiya ito sa tula at awit upang ihudyat ang pinal na pahayag na naghahapag ng mahalagang realisasyon, o sa kaso ng hiyóng tinatalakay, naghahapag ng katatawanan. Ang salitang *banton* ay nangangahulugang “hilahin paitaas” o “ubos, said” (A Lexicographic Study 69) o ipunin ayon sa mga impormante. Subalit sa halip na pandirihan ang tae, pinahihila pa ito ng umaawit sa batang pinatutulong.

Sa Hiyò 4, agad ding mapapansin ang usapin sa tugma dahil ang ikalawa at huling mga linya lamang ang magkatunog (matulugin/gigising). Dito mas madarama ang papel (maari ring intensiyon) ng mismong umawit. Noong nakalap ito, tinanong ko rin ang impormante kung pamilyar ba siya sa iba pang hiyò tulad ng Hiyò 3 o yaong tungkol sa batang may taeng mahaba.

“Hindi ganuon,” ang tugon ni Villaverde na umawit ng Hiyó 4. Sa pahayag, madarama na mayroon siyang paniniwala sa kung ano at paano dapat ang hele. Kung gayon, maaaring ang pagbabago sa kaniyang hiyò ay nakabatay sa kaniyang pagtingin kung ano ang “ganuon” o maaaring konsepto ng dapat o katanggap-tanggap. Gayunman, ang pagbabagong nakapaloob sa Hiyò 4 ay karugtong pa rin naman ng ibang mga hele, higit ang pahayag na “batang matulugin” na ginamit din sa Hiyò 2 at sa iba pang oyayi sa bansa (Eugenio 70; Layson 12).

Bukod sa lalabindalawahin at aanimin—mayroon ding hiyò na may kombinasyon ng sukat tulad ng awit sa ibaba, na may isang tugmaan na nalikha sa pamamagitan ng mararagsang salita:

- | | |
|-------------------------------|-----|
| 1 Hiyò-hiyò Tarô, | (6) |
| 2 isang taong binuô. | (7) |
| 3 Ang tatay mo'y hapung-hapô. | (8) |
| 4 Ang nanay mo'y walang kibô. | (8) |

Hiyò 5. Mula kay Barnes.

Agad mapupuna ang magkakaibang pantigan sa awit. Sa unang linya, may anim na pantig na nagpakilala sa anak o batang kinakausap sa hele. Sinundan ng pitong pantig tungkol sa naging proseso ng pagkabuo ng bata. Samantala, wawaluhin naman ang sukat na ginamit sa huling dalawang linya na nagpahayag sa kalagayan ng mga magulang.

Madaling maisasaayos ang usapin sa pantig ng ikalawang linya, maaaring gamitin ang kontraksiyon (ang “isang” ay magiging “sang”). Subalit mahalagang banggitin, ang dagdag na pantig na ito ay dahil din sa mismong umawit. Noong kapanayamin, isinulat muna ni Barnes ang liriko upang hindi niya makalimutan. Mas naging makiling sa anyong pasulat ang itinanghal na hiyò na binabasa ng impormante habang inaawit.

Kung susundan ang nabanggit kong panukala, gawing “sang” ang “isang,” magtutulad ang sukat at magpapantay ang distribusyon nito: dalawang aanimin, dalawang wawaluhin. Idagdag pa, mas natural din sa pagbigkas ang ‘sang. Hindi magiging problema ang bagsak dahil ang sinusundan nito ay “Tarô” (linya 1). Pabagsak ang “Ta” na mabilis susundan ng “rô” na may impit, kaya madaling makahuhugot ng hininga upang pasingawin ang “sang” ng kasunod na linya.

Mula sa mga natalakay, lumitaw na may hulmang pinagmumulan ang hiyò. Katulad sa tula (higit yaong mga nakasulat), gumagamit ito ng sukat (lalabindalawahin, aanimin, kombinasyon) at tugma upang makalikha ng ritmo. Sa hiyò, ang ritmong ito ang kasangkapan upang malikha rin ang

kondisyon na magpapakalma, mapagpapaantok, at tuluyang magpapapikit sa bata. Madarama rin ito sa pangkaraniwang pag-uulit lamang ng liriko ng hiyò (o ng oyayi sa pangkalahatan), o kahit ng paghimig-himig sa pagpapatulog. Alinsunod ito sa mismong pabalik-balik na galaw ng duyan gaya ng kumpas ng hiyò (at ng madalas na $\frac{3}{4}$ na kumpas ng oyayi), o ang pakaliwa't kanang sayaw ng katawan habang kalong ang bata (Loresto; Pastrana). Paliwanag din ni Almario sa *Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula*:

Ang paglikha ng tugma at sukat sa tula ang isang pangunahing instrumento ng tao-makata sa paghuli ng mga himig at tunog. Nakasalig ang ganitong paggamit ng wika sa pagkaunawa ng sinaunang tao sa takbo ng buhay. Bagama't nagdaan ang ating mga ninuno sa masalimuot at iba't ibang daloy ng karanasan, higit na kumintal sa kanilang isip ang paulit-ulit na kilos ng panahon at bagay-bagay sa paligid. Paulit-ulit ang umaga't hapon, paulit-ulit ang pagdilim at pagbilog ng buwan, paulit-ulit ang tag-araw at tag-ulan, paulit-ulit ang pagpupunla at pag-aani at waring katulad lamang ng panahon sa buhay ng tao mulang duyan hanggang kabaong (10).

Tumingkad din, ang pagbabagong naganap sa tugma o sukat ay nakabigkis sa pagiging bukas ng panitikan o tradisyong oral sa modipikasyon. Sa kabila ng mga natalakay ukol sa sukat, mahalaga pa ring isaalang-alang: ang paglinsad ng ilang sukat sa mga linya ng hiyò ay maaaring nakaugat pa rin sa pabigkas na kalikasan nito. Isa itong matingkad na pagbukod ng anyong oral sa pasulat na sistema na higit inaakmaan ng estriktong sukat sapagkat maaaring rebisahin. Gayundin, malinaw ring naiimpluwensyahan ng pananaw at maging ng pagpapahalaga ng umaawit ang kontinuum ng pagbabago sa hiyò.

Ang Salita ng Bayan, Ang Bayan sa Salita

Kaugnay ng maagang nasabi tungkol sa punto bilang bakas ng pinagmulang bayan, makikita rin ang bakas na ito sa ilang salita sa mga hiyò. Halimbawa, maririnig ang karaniwang paglalapi sa lalawigan ng Quezon sa salitang “nakuha” (lina 4 ng mga Hiyò 1 at 2). Sa Sampaloc, madalas ding gamitin ang “na” bilang panlapi: naubò (nagsasaka), nakanta, nasayaw, nakain, nainom, nautang, naulan, nakidlat, nabaha, nainit, nalindol, at iba pa.

At ang mismong pag-uulit sa simula ng hiyò, gaya rin ng maagang nabanggit ukol sa naitala ni Manuel, kinukumpirma nitong may bayan na inuuwian ang naturang salita, dahil oyayi ang pangkaraniwang tawag sa Tagalog sa mga awit sa pagpapatulog. Sa pagpapaliwanag kung ano ang hiyò, iminuwestra ni Ladines ang pag-ugoy-ugoy ng mga brasong tila may kalong na sanggol, kung paanong pinatulog noon ng kaniyang lolo ang apo nito sa tuhod. At sa isang inobserbahang bahay, ibinahagi ni Madel Querejero na ang paghihiyò ay pagpapatong ng unan sa magkadikit at nakaunat na mga binti habang nakaupo sa sahig ang nagpapatulog. Marahang idinuduyan ng mga binti ng nag-aalaga ang batang nakahiga sa unan. Sa mga paglalarawan, malinaw na ang hiyò ay hindi lamang tungkol sa awit sa pagpapatulog. Ito ay tumutukoy rin sa indayog o galaw ng naghihiyò upang patulugin ang bata.

Nariyan din ang salitang ayap (Hiyò 1, linya 4) na nagpapakita ng katangiang heograpikal ng pinagmulan ng umaawit. Sa diksiyonaryo ng Komisyon sa Wikang Filipino, ito ay “isang uri ng sitaw na higit na maikli ang bunga” o maaaring “pulang ayap na mababa [...]. hindi inaadyo at walang bagin; maiksi ang bunga at pula ang buto” na kung tawagin ay ayap na luklok (Manuel, *A Lexicographic Study* 42). Mababatid sa kahulugan mula kay Manuel na ginagamit ang “ayap” maging sa ibang mga bayan sa lalawigan dahil sa pagkakaroon ng iba pang uri nito. Pinatatampok din ng “ayap,” “talbos ng bayabas,” at “buko ng balimbing” sa awit ang katangiang agrikultural ng

Sampaloc, idagdag pa ang pagbanggit sa “kaingin” (Hiyò 1, linya 2) na isang realidad sa Barangay Caldong.

Nariyan din ang salitang lauya (Hiyò 1, linya 6), isang uri ng ulam na sinabawang isda o karneng manok na may halong maraming luya gaya ng mababatid sa pangalan nito. Ang paggamit ng maraming luya ang nagbukod sa pagkaing ito ng Sampaloc mula sa iba pang lauya. Sa Ilocos, ang lauya ay salita para sa nilaga.³ Ang kahulugang ito ay matutunton sa *la olla*, salitang Español para sa “nilagang karne na may halong gulay” (Almario, UP Diskiyonaryong Filipino 684).

Kung babalikan ang Hiyò 1, makikita ang pagkakahawig nito sa nilaga lalo pa’t sinabawan at may halo ring gulay. Subalit sa kanta, hindi ang pangkaraniwang gulay sa nilaga ang nabanggit (sibuyas, bawang, repolyo, patatas, pechay atbp.). Bagkus, “ayap,” “talbos ng bayabas,” at “buko ng balimbing” ang nasa liriko, mga maaaring ilahok sa lauya o anumang ulam na may sabaw sa Sampaloc. Malalaspas din sa mga ito ang gastronomiya ng bayan na karugtong ng agrikultural na katangian ng Sampaloc (ng Brgy. Caldong sa partikular, orihinal na pinagmulan ni Ladines) na nananatiling pagsasaka at pagtatanim ang kabuhayan ng marami. Makikita rin ito sa kasalukuyang programa doon ng lokal na pamahalaan sa agrikultura.⁴ At kung babalikan ang sinabi ng kritikong si Raymond Williams tungkol sa *colere*, salitang Latin na pinagmulan ng salitang kultura ngayon, makikita ang mahigpit na ugnayan ng yaman ng lupa at paglinang dito sa mismong pagyabong din at paglinang sa mga malikhaing kultural at pampanitikang anyo gaya ng hiyò (51-54).

Ang hindi pagbanggit ng luya sa Hiyò 1 ay may dalawang mahalagang pahiwatig: una, batid ng mga Sampalukin na awtomatikong may luya sa paglalauya. Ang pamilyaridad sa lasang ito ay masasabing bigkis din nila bilang magkakababayan. Ikalawa, nakasalikop sa pamilyaridad sa lasa ang tuwirang kinakausap (bata, na sa kaniyang paglaki’y matitikman ito) at di-

tuwirang kinakausap ng kanta (iba pang nakaririnig sa hiyò na nasa paligid lamang habang pinatutulog ang bata). Bata o matanda, bahagi ng kanilang karanasan sa Sampaloc ang lasa ng lauya, lalo na kung maginaw o kung may sakit o kapanganganak⁵ na akma ang paghigop ng sabaw.

Samantala, sa baryasyon ng lauya, lalong matitikman ang likas na yaman ng bayan dahil sa iba pang gulay na inilalahok dito tulad ng lagikway (*aibika* sa Ingles), na tumutubo sa malalamig o lugar na may madalas na pag-ulan tulad ng Sampaloc.⁶ Sa lauyang lagikway na maaaring lahukan lamang ng itlog, matitikman din ang realidad ng isang fifth class municipality. Na ang paghigop ng sabaw nito ay hindi lamang dahil sa ginaw—kundi maaaring ito lamang ang kasya sa araw o mga araw ng nakararami, higit silang malayo sa kabayanan tulad ng nasaksihan ko sa obserbasyon sa isang bahay sa Corehousing ng Barangay Banot. Bagamat hindi direktang tungkol sa lagikway—ang kalagayan ng pamilyang iyon ay larawan ng nakararami sa Sampaloc. Sa inisyal na pagpapaalam para sa saliksik, pumayag ang ina sa maghaponng obserbasyon sa kanilang bahay. Subalit, nagdalawang-isip noong ako’y dumating dahil aniya, “Wala akong ipapakain sa’yo.” Noong tanghalian, inihayin ko ang dala kong baon, idinagdag sa *ginat-ang pakô* na kinuha ng ama sa malapit na gubat, na marahil, may lagikway ring nabubuhay.

Sa kabilang dako, mababanaag at maririnig din ang Sampaloc sa salitang *banton-bantunin* (Hiyò 3, linya 3). Gaya ng nabanggit na, may katatawanan ang naturang hiyò dahil sa tukso sa batang pinatutulog (tae mong mahaba) at sa payo ng nagpapatulog. Marumi ang tae, subalit sa kanta—pinahihila pa ito upang hindi sumayad sa lupa. Hindi napigilang matawa kahit ang mismong mga impormanteng nagbahagi nito, at maging ang iba pang kinapanayam nang marinig ang recording ng hiyò. Bihira ang awit sa nagpapatulog na nakatatawa. Madalas, malungkot at nakatatakot ang hele dahil tungkol ito sa mga hamon ng mundong hinaharap ng matandang nagpapatulog. May kaugnay na obserbasyon si Herminia Meñez Coben

(bagamat mula ito sa karanasan ng mga Sama Dilaut sa Mindanao) tungkol sa kalungkutan sa mga awit sa pagpapatulog:

Mothers singing lullabies, *binua*, to their infants, expressed in haunting melodies the women's frustrations with their difficult lives. The lyrics of their songs, despite references to flying and sailing, transmitted` to the young a forbearing attitude toward their fate as a dispossessed people, chained to poverty (345) [.]

Bukod sa *banton-bantunin*, nakamarka sa mapagpatawang himig ng hiyò ang Sampaloc. Ang pagiging masayahing ito ng mga Sampalukin lalo na sa mga pagdiriwang ay napuna rin ng simbahan: “Ang pagdaraos ng reunion ay masasabing isa sa mga kultura ng Sampaloc. [W]ala pa ring mas sasaya sa reunion ng mga Sampalukin. Dahil na rin siguro sa likas na pagiging masayahin at pagkahilig ng mga Sampalukin sa mga kasiyahan” (Enriquez et al. 9). At sa tuwing may reunion, alam ng mga tao kung aling batch ang nagdiriwang. Suot ang kanilang paparehong kamiseta—pumaparada sila sa kabayanan sa saliw ng banda ng Enverga Foundation High School o Sampaloc National High School.

Sa mga liga ng basketbol at sa mga palaro kung pista ng bayan, mamamalas din ang pagiging mapagbiro ng mga tao sa pambubuyo at panunukso sa mga kalahok. Malaking salik sa ganitong relasyon ang pagiging maliit na bayan ng Sampaloc kaya halos magkakakilala ang isa’t isa. Sa ganito maaaring matunton kung bakit buhay pa rin ang pakikisuyo sa kapitbahay upang bantayan o ihabilin ang anak sa tuwing may aasikasuhin ang magulang o tagapag-alaga ng bata.

May tatlong maituturing na dahilan ng pagiging magkakakilala ng mga tao sa bayan. Una, ang pagiging magkakamag-anak, na bukod sa

pagpapakasal sa iba pang angkan, ay pinalalawak din ng pag-iinaanak sa binyag, kasal, kumpil, at sa lahat ng okasyong kailangan ng ninong at ninang. Ikalawa, ang pagiging magkakaklase sa paaralan, higit sa sekundarya dahil tatlo lamang naman ang paaralan doon sa antas na ito. Ikatlo, ang mga reunion: pagsasama-sama ng magkakaklase/batch, pagsasama-sama ng magkaka-angkan, at maging ang pagsasama-sama ng magkakatrabaho, gaya ng simpleng pagtitipon ng mga retiradong guro kung mayroong kasamahan na nagdiriwang ng kaarawan. Ang mga ugnayang ito ay higit na pinagtitibay ng kanilang mga pagtatagpo sa mga pangmadlang espasyo sa bayan gaya ng simbahan o kapilya, sa ampi (amphitheater sa tabi ng munisipyo), sa Bigmak (pinakamatagal na tindahan ng burger), sa palengke, sa Kakati (ilog na madalas pagpiknikan ng mga Sampalukin at lugar na pinagdarausan ng fiesta sa ilog tuwing Abril 26), at sa iba pang mga sulok at pagdiriwang ng Sampaloc, tulad ng kapistahan ng bayan at kapistahan ng bawat barangay.

Sa kabilang banda, ukol sa nakatatawang hiyò—magkakaugnay ang paliwanag ng mga nanay at lola na nakausap ko sa obserbasyon. Paliwanag nina KJ Lomerio at Kim Daz, “Wala namang ibang gawa ang bata kundi dumedede. [...] Umiikot lang naman ang buhay nila bilang baby na dedede at tatae at tutulog.” At kung bakit mahaba ang tae ng bata, ayon kay Arsenia Bajar (lola ni Lomerio), ito’y dahil “Matagal dumumi, parang usod-usod, hindi biglaan. Kaya sinasabing, haba naman ng tae nito.”

Sa nabanggit, lumitaw ang ikalawang kahulugan ng banton na naitala rin ni Manuel: “ubos, said” (A Lexicographic Study 69). Ang tae ng bata ay tila hindi maubos o masaid-said na dagdag nga ni Lomerio, “Kakapalit lang ng diaper, maya-maya’y may tae ulit.”

Makikita ang pamilyaridad ng mga nag-alaga at nag-aalaga sa bata sa karanasang kalong ng awit. Batid na batid nila na ang “tae mong mahaba” ay hindi lamang tungkol sa literal na sukat o haba. Ito ay tumutukoy rin sa dalas ng pagtae ng bata, higit ng mga sanggol.

Ang bagay o sitwasyong kadalasan ay ‘pinandidirihan’ o may kaugnayan sa ‘dumi’ at ‘matrabahong’ responsibilidad ng paglilinis ng tae ay napagbanyuhay sa hiyò bilang kakatuwa o katatawanan. Sa isang banda, maaaring idagdag dito na ang pag-awit ng ganitong hiyò ay una, pagtanggap sa realidad ng pagiging sanggol ng alaga o pagiging bata ng bata. Ikalawa, ang patuloy na pagtugon at pagkilos ng magulang o tagapag-alaga upang tuparin o isagawa ang responsibilidad. Kung gayon, pinatitingkad nito ang kalikasan ng hiyò bilang isang paghahayag ng damdamin ng naghihiyo at nag-aaruga sa bata.

Maaari ding basahin ang ganitong kakatuwa at nakatatawang senaryo bilang literal na pag-awit at paghinga—isang panandalian o kagyat na paghinga at tangkang pagpapagaan sa pagod ng tagapag-alaga mula sa malaking responsibilidad ng pag-aaruga ng bata, higit pa sa pagpapatulog.

Bagamat nanay ang karamihan na nakausap ko noong obserbasyon, hindi ibig sabihin ay walang papel ang mga lalaki sa pag-aalaga ng bata. Sa bahay ng mga Querejero, nasaksihan ko kung paanong pinunasan ng sipon ni Ando ang kaniyang apo, pinalitan ng damit ang bunsong anak. At nang dumating ang tatay niya (lolo ng mga bata) na kanilang kapitbahay, may pasalubong ito sa mga apo at sinabing babalik upang sunduin ang mga ito nang maalagaan muna habang ang mag-asawa’y abala sa mga buli (gamit sa paglala ng sombrero, banig, bag, atbp.) na kanilang ipagbibili. Sa bahay naman nina Lomerio at Daz, nagkataong nasa trabaho o papunta sa trabaho ang mga ama noong ako’y dumating. Pero maikukuwento ng mga nanay, katuwang din ang mga lalaki (tatay, lolo, tiyo) sa pag-aalaga sa bata at iba pang gawain sa tuwing nasa bahay. At kung aalalahanin ang kuwento ni Ladines, natutuhan niya ang hiyò at paghihiyò sa kaniyang lolo.

Ang Hiyò at Iba pang Hele sa Lalawigan ng Quezon

Matapos mailatag ang kalikasan at kontinuum ng hiyò: may sukat at tugma na bukas sa pagbabago dahil sa punto at paraan ng paggamit ng wika ng mismong kumakanta, may bakas ng bayang pinagmulan na makikita sa wika at mga imahen na kaugnay ng realidad at katangian ng bayan—susudhiin naman sa bahaging ito ang iba pang hele sa lalawigan ng Quezon. Higit na palilitawin ang kontinuum nito sa pamamagitan ng pagtuon sa mga katangiang nag-uugnay at nagbubukod sa hiyò ng Sampaloc. Sa pagsasakatuparan nito, tatlong aspekto ng mga awit sa pagpapatulog sa lalawigan ang sisipatin: estruktura, tema, partikular at/o pinagsasaluhang danas ng mga bayan sa lalawigan.

Ang mga hele ng lalawigan ay mula sa nalathalang bersiyon ng pag-aaral ni Cherry Ann Layson na pinamagatang *Hele ni Inay: A Compilation of Unpublished Lullabies in Quezon Province and Lesson Exemplars for Music*.⁷ Bagamat pedagogikal ang diin ng pag-aaral, may maiksing talakay si Layson sa bawat oyayi. Gayundin, bawat awit na nakalap ay may kasamang sheet music upang maitanghal at maituro ang mga ito sa batayan at sekundaryang edukasyon. Labing-isa ang kabuuang bilang ng mga awit mula sa mga bayan ng apat na distrito ng lalawigan.

Sa labing-isang hele na nakalap ni Layson, ang mga awit mula sa Alabat, Lucban, at Tayabas ang masasabing may malinaw na padron ang sukat. Subalit gaya ng naging paliwanag sa pagbabago ng sukat sa mga hiyò, may epekto ang paraan ng paggamit ng wika ng kumanta tulad ng makikita sa ibaba.

Hiyo na si Neneng

(Alabat/ Inawit ni Matilde A. Maningas)

Hiyo na si neneng at huwag umiyak. (12)

Ang nanay mo'y wala nasa paghahanap. (12)

Kung makasundo raw ng maraming pilak, (12)

Ibibili kita ng barong may bulaklak (13)

(28-29).

Tulog na si Neneng

(Lucban/ Inawit ni Maria D. Ducosin)

Tulog na si Neneng, tulog na isang dali (13)

Di malalaunan tatay mo ay uuwi. (13)

Kung ikaw ay magising ay kapiling mong muli (14)

Ang sa iyong tatay, tamis ng taguri (12)

(2-3).

Batang Pigil-pigil

(Tayabas City/ Inawit ni Gorgonia O. Yanilla)

Ikaw na bata kang aking pigil-pigil (12)

Ika'y matulog na't ako'y may gagawin (12)

Pag hindi ka natulog, kita'y papaluin (13)

Maya-maya nama'y kita'y gigisingin (12)

(4-5).

Interesante ang paggamit ng salitang hiyo (alinsunod sa baybay ng sanggunian) sa awit mula sa Alabat. May tatlong maaaring dahilan ng

pagsulpot nito sa bayang kay layo sa Sampaloc, isang isla sa may Pasipiko at Lamon Bay. Una, maaaring ginagamit din ang hiyò sa naturang bayan bilang hele. At dahil nga naitala ito ni Manuel sa kaniyang aklat ukol sa mga salita sa lalawigan, posibleng matagpuan din ito sa iba pang bahagi ng Quezon. Ikalawa, maaaring may Sampalukin sa mag-asawa o may kamag-anak sila sa Sampaloc. Ikatlo, maaaring narinig lamang ito sa ibang tao, tulad halimbawa sa mga kakilala o maging sa mga kasambahay o kasamahin kung tawagin sa Quezon, at nagpapasa-pasa na. Sa Sampaloc, marami pa rin ngayon ang “nagpapapiging” o nagsisilbing kasamahin ng mga Sampalukin o kakilala ng mga Sampalukin na nasa Maynila o malayong lugar. At maging sa kabayanan sa kasalukuyan, marami pa rin ang mga kasamahin, lalo na sa mga kabahayan na tanging magulang na senior citizen na lamang ang naninirahan. (Subalit lahat ng ito’y nangangailangan pa ng mas kongkretong datos sa hinaharap upang mas mailinaw ang posibleng ugnayan ng heleng ito sa hiyò ng Sampaloc.)

Sa bahagi naman ng sukat, mapapansin ang paglabis ng isang pantig sa huling linya nito na may tugmaan. Kung tutuusin, madali lang maging lalabindalawahin ang naturang linya upang magpantay ang sukat. Sa huling linya, maaaring gawing “ka” ang “kita” upang maging “Ibibili ka ng barong may bulaklak”. Maaari din, tanggalin ang “ng” upang maging “Ibibili kita, / barong may bulaklak” na may mas maayos na hati (animan) ang lalabindalawahing pahayag.

Subalit higit sa paggamit ng wika ang pag-iibang ito mula sa mga linyang lalabindalawahin. May iba pang binubuksang posibilidad ukol sa produksiyon ng oyayi ang mga salitang “Ibibili kita.” Kung ipagpapalagay na ang umaawit ng hele ay mismong nanay, may madaramang pag-o-overlap ng persona at aktuwal na kumakanta dahil sa pagpasok nito sa huling linya: “Ibibili kita ng barong may bulaklak.” Pero bago ang naturang pahayag, sinabi sa kanta, “Ang nanay mo’y wala nasa paghahanap / Kung makasundo **raw** ng

maraming pilak” (akin ang diin). Malinaw na sa loob ng kanta, umalis ang nanay upang magtrabaho. Sa Quezon, tinatawag ding “gawa” o “hanap” ang trabaho o hanapbuhay. Sinuportahan ng “raw” ang pag-alis na ito ng nanay, ibig sabihin, ang persona na nagpapatulog ay hindi ang mismong nanay ni Neneng. Humulagpos sa “Ibibili kita” ang realidad ng umaawit kung kaya ang nanay na umalis sa kanta ay biglang narito (present) upang sabihin kay Neneng na bibilhan siya ng baro.

Kaugnay naman ng posibilidad na ibang tao ang umawit—nakapagtataka pa rin kung siya ang bibili ng damit para kay Neneng. Sa kanta, lohikal na ang nanay ang siyang bibili ng “barong may bulaklak” at ipasasalubong sa bata dahil siya ang naghahanapbuhay at magkakapera (pilak, na materyal noon sa paggawa ng pera). Sa mga awit, madalas ang pag-alis ng magulang para magtrabaho o maghanap ng pagkain. Sa pag-uwi ng magulang, madalas ding may dalang pagkain o laruan. Pagpapasalubong sa batang daratnan na makikita rin sa ilang susunod na mga halimbawa kaugnay ng pagtalakay sa tema.

Ang overlap na ito sa persona at mismong umaawit, sakaling isasaayos, ay matutugunan din ng unang panukala sa taas ukol sa sukat. Mas magiging konsistent ang poetikong sitwasyon sa awit: “Ang nanay mo’y wala nasa paghahanap / Kung makasundo raw ng maraming pilak / Ibibili ka ng barong may bulaklak.” Sa ganito, malinaw ang pagkakaiba ng persona at umaawit—kahit pa sa aktuwal, maaaring ang mismong nanay naman talaga ang nagpapatulog kay Neneng. Subalit mahalaga ang ganitong pag-iiba at konsistensi dahil nga ang hele ay isa ring tula. Ang kasinupan sa detalye ay nagpapatibay sa mensaheng tinatanggap ng mambabasa o tagapakinig—kongkretisasyon ng tula na nauunawaan hanggang pandama.

Subalit may pagkakataon na maaari naman talagang maging iisa ang persona at ang mismong umaawit. Maaaring ang ganitong pangyayari, tulad

ng maagang naipaliwanag, ay dahil din sa pabigkas na kalikasan nito, na di gaya sa pasulat, mas madaling mabalikan ang detalye upang marebisa.

Makikita rin ang konsepto ng pagbibigay ng kung ano sa bata sa ibang awit ng lalawigan, partikular sa Sariaya (‘Tulog na bunso ko sa duyan ni nanay. / Kikitiin kita tararararan. / Pag nakatulog ka, si nanay magtitinda. / Pagkatapos magtinda, pasasalubungan kita.’) at Candelaria (Pagkat ako’y pupunta sa palengke. / Ako’y magluluto ng ating kakainin. / Madali lang ako pagkat ikaw ay walang kasama diyan. [...]). Sa parehong halimbawa, litaw na litaw na mismong nanay ang umaawit at ang persona sa loob ng mga awit. Naging lunsaran ng mga ina ang oyayi upang ipahayag ang kanilang mga kalagayan na iniiralan ng mga kaakibat na responsibilidad sa anak.

Subalit sa kabila ng mga naipaliwanag, ang overlap ng persona at mismong kumakanta ay masasabi ring bahagi ng kagandahan at kapangyarihan ng hele mula sa Alabat. Pinakikita nito kung paanong maaaring lusawin ng kongkretong kundisyon ang pagitan ng persona at kumakanta. Sa pagkatha, hindi napigilan ang kamalayan ng umaawit na pumasok sa poetikong sitwasyon at ipahayag ang kaniya mismong ninanais para sa anak. Isang sandali ng paglagpas sa katakdaan ng pormal na elemento ng sining na laging may kaakibat na pagdistansiya. Inirerehistro ng “Ibibili kita” ang presensiya at pag-iral ng kumakanta/kumakatha sa mismong sandali ng paglikha na hinuhugisan ng kaniyang mga isipin at damdamin, tulad ng pagbibigay ng “barong may bulaklak.”

Sa kabilang dako, ang usapin ng sukat ng hele mula sa Lucban ay mapagtutulad na lalabindalawahin sa pamamagitan ng kontruksyon (isang dali tungong ‘sangdali o maaari ding sandali) at paggamit ng kuwit gaya ng mga may diing bahagi sa bersyon sa ibaba. Sa pagbabago, nagkaroon din ng tamang hati (animan) ang mga pantig sa lalabindalawahing linya.

Tulog na si Neneng

(Lucban/ Inawit ni Maria D. Ducosin)

Tulog na si Neneng, tulog na **'sang** dali (12)

Di malalaunan tatay **mo'y** uuwi. (12)

Kung **ika'y** magising, kapiling mong muli (12)

Ang sa iyong tatay, tamis ng taguri. (12)

Gaya ng impluwensiya ng mismong gamit ng wika ng kumanta sa naging epekto sa sukat ng hele sa itaas—ang lumabis na pantig sa linya 3 sa hele mula sa Tayabas sa ibaba ay maisasaayos din sa pamamagitan ng kontruksyon (hindi tungong di; akin ang diin). Malinaw na lalabindalawahin ang awit na ito gaya ng mababatid sa masinsing hati ng mga pantig (animan) sa mga linya 1, 2 at 4 sa orihinal na bersyon.

Batang Pigil-pigil

(Tayabas City/ Inawit ni Gorgonia O. Yanilla)

Ikaw na bata kang aking pigil-pigil (12)

Ika'y matulog na't ako'y may gagawin (12)

Pag **di** ka natulog, kita'y papaluin (12)

Maya-maya nama'y kita'y gigisingin. (12)

Bukod sa padron ng sukat, mahalaga ring banggitin ang magkabaligtad na pagtrato sa mga bata sa loob ng mga kanta. Ang kalambingan ng hele mula sa Lucban (linya 3 at 4) ay siya namang karahasan (kahit simboliko lamang) sa hele sa Tayabas (linya 3). Ang hindi pagsunod ng bata na matulog ay dahilan upang siya ay mapalo. Tiyak, hindi lang sa

Quezon ang ganitong pagtrato sa bata sa mga awit sa pagpapatulog o maging sa totoong buhay. Bagamat may ganitong pagbabanta, kapansin-pansin na hindi tumagos sa mga hiyò na nakalap sa pag-aaral ang iba pang pananakot sa bata. Halimbawa, nariyan ang pagsasabi sa dalawang bata sa unang bahay na aking inobserbahan na kukunin sila ng paniki o kukunin ng sipay (manunupot ng bata). Makikita maging sa mga awit sa pagpapatulog ang mga takot at bagabag sa totoong buhay, kung kaya may mga hele na karirangan ng tungkol sa mga pambihirang nilalang na sinasabing kukunin ang bata kapag hindi natulog.⁸

Sa usapin pa rin ng estruktura ng mga oyayi sa lalawigan, kapunapuna ang pagsingit ng paghimig sa proseso ng pagpapatulog sa bata. Ganito rin ang estilo noon ng mag-asawang nakapanayam ko na sina Marilyn at Andy Gagan na inihihimig lamang ang “Paruparong Bukid” habang tinatapik-tapik ang mga anak. Sa tuwing papasok sa trabaho, nag-iiwan si Marilyn ng kaniyang kamiseta upang makilala pa rin ng bata ang kaniyang amoy kahit ang nanay niya o asawang si Andy ang nagpapatulog. Kuwento rin niya, kahit ngayong nasa high school at kolehiyo na ang mga anak, nakatutulog pa rin sila sa tuwing hihimigan at tatapik-tapikin. Sa ganito rin maaaring makita ang bisa ng “tararararan” sa oyayi ng Sariaya at ng “Lalalala lalala lalalala...” sa hele sa Candelaria.⁹

Sa pagdako naman sa tema ng mga awit—tulad din sa hiyò, taglay rin ng mga oyayi sa lalawigan ang pangangailangan ng magulang na umalis ng bahay upang magtrabaho para sa pamilya—higit para sa mga anak na kinakausap sa mga awit sa pagpapatulog. Makikita ang ganitong sitwasyon sa pitong oyayi ng lalawigan kasama ang awit mula sa Alabat na bahagya nang natalakay (akin ang mga diin):

Tulog na si Neneng

(Lucban/ Inawit ni: Maria Docosin)

Tulog na si Neneng, tulog na isang dali

Di malalaunan **tatay mo ay uuwi.**

Kung ikaw ay magising ay kapiling mong muli

Ang sa iyong tatay, tamis ng taguri (2-3).

Tulog Na

(Sampaloc/ Inawit ni: Yolanda Mancenido)

Tulog na ang bata, nanay mo ay wala.

Pumunta sa Maynila, bibili ng kutsinta

Pagdating niya rito'y may dala s'yang manika.

Paglalaruan mo maganda kong bata (6-17).

Tulog na Bunso Ko

(Sariaya/ Inawit ni Felomina S. Fajardo)

Tulog na bunso ko sa duyan ni nanay

Kikitiin kita tarararararan

Pag nakatulog ka, **si nanay magtitinda**

Pagkatapos magtinda, pasasalubungan kita (14-15).

Tulog na ang Bunso Ko

(Candelaria/ Inawit ni Rosita Ilao)

Lalalala lalala lalalala lalala lalalala la la

Lalila layla lalala lalalala

Tulog na ang bunso ko

Ako ay maraming gagawin sa bahay.

Maglalaba, magluluto, maglilinis pa ng bahay

At mayroon pa akong pakakaining baboy.

Lala lala lalalala lala la lalala lala la lalala.

Mabuti pa ay ikaw ay matulog na baby ko

Pagkat **ako'y pupunta sa palengke.**

Ako'y magluluto ng ating kakainin

Madali lang ako pagkat ikaw ay walang kasama diyan.

Lalalala lalala lalalala lalala lalalala la la

Lalala lalalala lala la lalalala lala lalala lala

Magpahinga kang mabuti at huwag kang magliligalig

Sapagkat ako ay marami pang iintindihin.

Ang iyong nanay ay uuwi na

At s'ya ay mag-aalaga naman sa iyo,

Kaya baby ko matulog ka na para tayo ay marami pang

gagawin

lala la lalalalalala la (16-19).

Tulog na Baby

(San Narciso/ Inawit ni: Estelita Espina)

Tulog na baby sa iyong duyan

darating na ang iyong nanay

Pagdating nya'y may dalang manika't laruan

at saka mayro'n pang kendi't tinapay.

Baby ko, tulog na, tulog na (22-23).

Meme na Bunso

(Catanauan/ Inawit ni: Rosita Dela Torre)

Meme na bunso sa aking piling.

Nanay mo'y wala, nasa paglalaba.

Tatay mo'y wala, nasa pangingisda pa

Pag-uwi niya'y may dalang laruan pa (24-25).

(24-25)

Hiyo na si Neneng

(Alabat/ Inawit ni: Matilde Maningas)

Hiyo na si neneng at huwag umiyak.

Ang nanay mo'y wala nasa paghahanap.

Kung makasundo raw ng maraming pilak,

Ibibili kita ng barong may bulaklak (28-29).

Bagamat ilan lamang ang mga awit mula sa posibleng karagatan ng mga oyayi sa Quezon—mababatid na ipinipinta pa rin ng mga ito ang buhay ng nakararami sa lalawigan. Halimbawa, nariyan ang pagbanggit ng hele mula sa Catanauan ukol sa pangingsda (tatay mo’y wala, nasa pangingsda pa), isang realidad sa naturang bayan. Hinahagip din ng nasabing linya ang danas ng 34 mula sa 41 na mga bayan sa Quezon na mayroong baybayin.¹⁰

Sa kabilang dako, ang agrikultural na mukha naman ng lalawigan, kung aalalahanin, ay naipahiwatig ng magkapares na hiyò ng Sampaloc: ang imahen ng kaingin na pinuntahan ng nanay at ang sagingan na pinuntahan ng tatay. Gayundin, ang mga hanapbuhay ng mga pangkaraniwang tao: paglalaba na nabanggit sa hele ng Catanauan, pagtitinda na nasabi sa awit mula sa Sariaya, pag-aalaga ng baboy na pinakita ng awit mula sa Candelaria (na isa rin sa mga kabuhayan sa Sampaloc kasama ng pagmamanukan at pag-aalaga ng kambing sa linang), at pagtungo sa mga lungsod o lugar na higit na may oportunidad na makapagtrabaho, gaya ng mababatid sa imahen ng Maynila sa ibang hele mula sa Sampaloc. (Sa lalawigan, ang Maynila bilang imahen ng oportunidad ay nagsisilbi ring destinasyon ng mga kabataan upang magkolehiyo, higit yaong mula mga pamilyang may kaya.)

Sa mga hele, matingkad ang gawi ng pagpapasalubong sa anak na napansin din ni Layson (23). Bukod sa maaaring daan ito ng magulang na makabawi sa anak dahil hindi personal na naalagaan bunsod ng pagtatrabaho—ang pagpapasalubong ay maaaring paraan din ng magulang upang may mapanghawakan at makumbinsi ang sarili na may mabuting dulot ang kaniyang paglayo upang maibigay ang pangangailangan ng pamilya, higit ng anak.

Ang pagtatrabaho na dahilan ng paglayo ng magulang sa hele ay madalas kaugnay ng pagkain (isang usaping pang-ekonomiya) gaya ng mahihiwatigan sa mga naipakita ng mga awit sa itaas kabilang ang hiyò. Kung gayon, ang imahen ng pagkain sa mga awit sa pagpapatulog ay

sabayang puwersa ng pag-alis at pagdating o ng paglayo at pagtitipon. Ang pagkain, na sa isa pang oyayi sa Quezon ay naging imahen din ng marubdob na pagkalinga.

Tulog na ang Bata

(Lucena City/Inawit ni Fermina O. Maaño)

Tulog na, tulog na batang matulugin

Ay maya-maya naman, kita ay gigisingin

Ang igigising ko'y halina si Neneng

Ay halina Neneng ko't lalamig ang kanin (12).

Mas pinainit ang pagsasalo sa itaas dahil sa “kanin” na naging imahen ng pagkalinga. Pinaigting ng init nito ang relasyon ng tagapag-alaga at batang pinatutulog. Mas masarap ang pagkain kapag mainit o kaluluto pa lamang—at ang pag-anyaya ng persona sa bata o kay Neneng upang kumain ay nagpapakita ng laging kagustuhang maibigay ng nag-aalaga ang pinakamainam para sa anak o inaalagaan. Idagdag pa ang lambing ng pahayag na “[...] halina si Neneng/ Ay halina Neneng ko.” Ang paggamit ng “ko” ay tila hindi bilang pag-aari kundi pagpapakita ng mahigpit na ugnayan o relasyon ng nagpapatulog at batang pinatutulog.

Sa kabila ng pag-iral ng simbolikong dahas sa naipakitang hele mula sa Tayabas, may mga awit naman sa lalawigan na matingkad ang pagpapahayag ng paglalambing at pagprotekta sa pinatutulog na bata. Nariyan ang tahasang pagpuri sa bata na pinakita ng awit mula sa Dolores: “tulog na ang bunsong/ mabait, maganda, malusog” (10). Sa pakikipanayam, ganito rin ang nabanggit ni Coring Jarasa sa kaniyang pagpapatulog sa apo. Sa pagitan ng paghimig-himig, sinasabi niya sa kalong-kalong o batang

idinuduyan sa kumot na, “Ang gandang bata naman nito, hala tulog na, tulog na at darating na si papa.”

Kung babalikan ang hiyò na nagsabi sa batang “tae mo’y mahaba,” ang pabirong himig nito ay hindi lamang paglalambing ng nagpapatulog. Masasabing ito ay paggiliw¹¹ ng nag-aalaga sa bata dahil kung tutuusin, maaaring pagkainis sa paulit-ulit na pagtae ng bata ang maging tugon ng tagapag-alaga sa awit, subalit nakuha pa nitong biruin ang inaalagaan.

Idagdag din ang banayad na tagpo kung paanong inaaruga ang bata sa katawan ng nag-aalaga gaya ng tumampok sa hele mula sa Plaridel: “[...] tulog na bunso/ sa piling ni nanay akin kang babantayan. / Sa’king pagmamahal, aking yayakapin. / Aking pagmamahal, tulog na bunso/ sa dibdib ni nanay.” Matingkad ang pagprotekta ng nag-aalaga sa anak na pinadarama ng pagtulog ng bata sa dibdib mismo ng ina. Bukod sa komportable itong posisyon, ang pagsapo ng ina sa bata ay imahen ng proteksiyon dahil sa ganitong posisyon, tila handang isanggalang ng ina ang sariling katawan sa pamamagitan ng pagtalikod o pagyuko upang iiwas ang anak sa anumang puwersang sasaklot dito. At ang mismong pagkadama ng bata sa tibok ng dibdib ng kaniyang ina (o ng sinumang nag-aalaga) at init sa pagdadampi ng mga balat ay nakatutulong upang mapanatag siya. Ayon sa pag-aaral, ang pagdidikit na ito ay daan din sa pagkalapit ng naghehele at inihehele gaya na isinulong sa saliksik nina Rock, Trainor, at Addison na sinipi ni Brooks, “A baby’s reception of a lullaby usually incorporates hearing the mother’s voice while feeling its vibration as the head rests on the mother’s chest; smelling the familiar scent of the body; and stimulation of the vestibular system through rocking, bouncing, or spinning” (284).

Sa naturang sipi, mahalagang pansinin na ang pagtulog ng bata ay naiimpluwensiyahan hindi lamang ng nakaaantok na melodiya. Kasama sa kaniyang pagkalma at pagkaantok ang pamilyaridad sa ritmo na nadarama sa galaw (tapik, indayog, atbp.) ng nagpapatulog, at maging ang amoy ng

naghehele sa bata, gaya ng ibinahagi ni Gagan ukol sa kamiseta na kaniyang iniwan sa asawa at ina niya sa tuwing papasok sa trabaho. Ipinaaalala ng amoy ng kamiseta ang presensya ng ina sa tuwing ang nag-aalaga sa mga bata ay ang kanilang tatay o lola.

Sa pagdidiin, makikita ang ugnayan ng hiyò sa ibang mga oyayi sa probinsya (at maging sa bansa) sa sumusunod na aspekto: ang awit sa pagpapatulog ay paghahayag ng damdamin na nagpapakita ng relasyon ng nagpapatulog at pinatutulog; ang paghahayag ng damdaming ito ay laging naiimpluwensiyahan ng realidad at kondisyon ng umaawit; may kakayahan ang mga hele na salaminin ang tahanan, komunidad at/o bayang nagluwal sa mga awit sa pamamagitan ng partikular na mga salita at mga karanasan ng lugar; ang estruktura ng mga hele, partikular ang mga awit na may sukat na sinusundan ay nagkaroon ng pagbabago batay sa gamit ng wika at pagpapahalaga ng mismong umaawit; ang madalas na tema ng pag-alis ng magulang ay karugtong ng usapin ng pagkain, o ng mismong responsibilidad ng magulang na matiyak ang pangangailangan ng anak; at ang pangako ng pagbabalik o pag-uwi ng magulang sa tahanan at sa bata, may bitbit mang pagkain, pasalubong na baro, o kahit wala.

Sa kabilang dako, ang sumusunod ang nagbubukod sa hiyò sa ibang mga hele ng lalawigan. Ito rin ang masasabing natatangi sa panitikang oral na ito mula sa Sampaloc, Quezon na nagpapatingkad din mismo sa kalikasan, higit sa kontinuum ng hiyò: una, ang malinaw na pagmamarka nito sa sarili bilang isang anyong oral (oyayi) na makikita sa konsistent na pagsisimula, o ang pagbanggit ng “hiyò, hiyò” sa limang nakalap na mga kanta. Bagamat nagamit din ng hele mula sa Alabat ang salitang hiyo, malinaw pa rin ang pagiging iba ng mula sa Sampaloc dahil nga sa naturang pag-uulit sa simula. Gayundin, ang pag-uulit na ito sa hiyò ay hindi lamang simpleng pag-uulit ng salita. Batay sa mga naibahagi ng mga nakapanayam—ang hiyò ay naging pagsasatunog ng galaw ng mga brasong may karga sa bata o indayog ng unan na nakapatong sa mga binting nakalapat sa sahig na bahagi rin ng kalikasan

ng pagpapatulog sa bata. Sa madaling sabi, ang hiyò ay parehong pangngalan (hele) at pandiwa (pag-uugoy o pagduduyan) tulad ng paggamit ng ilang impormante: hiyuhin o ihiyò.

Ikalawa, batay sa mga nakalap na hiyò, pangkaraniwan ang paggamit ng tugma sa awit. At ang tugma rito ay hindi lamang pagkakaroon ng tiyak na magkaparehong tunog. Ipinakikita ng natalakay ukol sa panloob na tugmaan sa ilang hiyò ang pagkabatid ng mga Sampalukin sa ugnayan ng mga tunog. Maging ang malinaw na hati (animan) sa linyang lalabindalawahin ay pagpapakita rin ng pamilyaridad, kung hindi man, ay kasanayan sa pagkatha. Maaaring ang ganitong kabatiran ay napagyaman dahil sa iba pang malikhaing ekspresyon tulad ng luwa, isa pang anyo ng panitikang oral sa Sampaloc. Sa kasaysayan, ang luwa ay isang tula na papuri sa birhen na ipinakilala ng mga Español noong pananakop (Lumbera 105). Subalit pagdating sa Sampaloc, ang nilalaman ng luwa ay naging tungkol sa pagtatalik, o may kinalaman sa mga bagay na itinuturing ng simbahan na “bastos.” Dahil ang pinapaksa ay yaong “hindi marapat” pag-usapan sa publiko—mas umigting ang paggamit sa wika upang maipahayag pa rin (kahit di-tuwiran) ang nais sabihin gamit ang mga imahen at aliw-iw ng pahayag na siya ring puwersa sa likod ng nakatatawang mga linya.¹²

Ikatlo, ang mapagbironng katangian ng mga Sampalukin ay tumatak maging sa hiyò na nagpatingkad din sa pagiging magiliw sa bata. Namumukod-tangi ito hindi lamang sa mga awit sa pagpapatulog sa lalawigan kundi maging sa mga nalathala sa iba-ibang antolohiya ng oyayi. Sapagkat ang mga oyayi ay nakaugat sa mundo ng mga hamon ng matatandang lumikha sa mga ito—hindi nakapagtataka kung bakit madalas ay malungkot ang mga hele, may pananakot at karahasan. Ito ang isa sa pinakamahalagang pagbabago sa naging pagkasangkapan sa hele—naging bahagi ng kontinuum ng hiyò ang pag-igpaw sa laging malungkot na himig ng awit at ang pagsalamin sa magiliw na katangian ng nakararami, higit silang nag-aalaga sa mga bata. Masasabing isang mahalagang kontribusyon ito ng hiyò sa mundo ng oyayi.

Kongklusyon

Ano't anuman, paliwanag ng sikolohistang si Sally Godard Blythe na sinipi sa isang artikulo, maging ang mga nakatatat na mga heke ay nakaugat sa “pag-ibig, lambing, at pagkalinga” (Perry). Dahil ang mismong akto ng pagpapatulog at pag-awit sa bata ay isang ekspresyon ng mga nabanggit, nakabigkis ito sa kagustuhang mapakalma at matiyak na komportableng nakapagpapahinga ang bata na mainam sa kaniyang paglaki.

Ang mapagbiron ng hiyò ukol sa taeng mahaba ng bata ay isang ekspresyon din ng pagkalinga ng mga Sampalukin. Gaya ng maagang naipaliwanag, sa halip mayamot ang nag-aalaga dahil sa sunod-sunod na pagtae ng bata, nagawa pang magbiro ng naghehele kahit pa siya rin ang maglilinis sa bata at magpapalit ng lampin o diaper. Sinang-ayunan nito ang pahayag ng banyagang sikolohista na si Alice Sterling Honig, “Tenderness marks the message of most lullabies across the world. At times the singer may make heroic efforts to consider the baby blameless, despite adult fatigue and lengthy exertions to lull the child to sleep” (31).

Panghuli, ang hiyò ay masasabing ekspresyon ng mga Sampalukin na nagpapakita sa kanilang pagkaunawa, kung hindi man, ay pagkadama sa kung paanong ang kondisyon ng pag-iral ay idinuduyan ng kasaysayan, kultura, heograpiya at politika.

Sa ganito, mas mauunawaan kung bakit sa hiyò ay may “nanay na walang kibô” matapos mabuo si Tarô, kung bakit nabanggit ang “Kastila” na nagsabing mabuting pagkain ang saging, at kung ano ang dahilan ng pagpasok ng “kaingin” at bakit “hindi ganuon” ang naging pagtingin ng isang impormante sa tae na dapat “bantun-bantunin” ng batang kinakausap sa hiyò.¹³

TALAHULI

¹ Kaugnay rin ng lawak na naabot ng hiyò, sa isang kumperensya sa Quezon noong Agosto 2023 na dinaluhan ko para magbahagi ng papel sa hiyò, isang guro ang nagsabi na kinakanta pa rin ng kaniyang mister ang mga hiyò. Taga-barangay Masin, Tayabas City ang asawang lalaki, dalawang bayan ang layo mula sa Sampaloc. Dahil sa limitasyon sa panahaon at rekurso, hindi na ito naisama sa pag-aaral. Maaari itong maging paksa sa hinaharap upang higit na masudhî ang hiyò.

² Nasa <https://www.britannica.com/dictionary/continuum#:~:text=%3A%20a%20range%20or%20series%20of,between%20charitable%20and%20self%2Dserving>.

³ Tingnan sa <https://www.panlasangpinoymeatrecipes.com/lauya-recipe.htm>.

Masasabing mahalaga itong konsepto sa anumang pag-aaral upang makapag-ambag ng bagong kabatiran (insight), higit sa mga tradisyonal na anyo gaya ng hiyò. Gayundin, may kinalaman ito sa pagbibigay-liwanag gaya ng mababatid sa pinag-ugatan ng mga salitang “linawin” at “maliwanagan.”

⁴ Tingnan dito ang ilang programa ng LGU sa agrikultura sa Brgy. Caldong, ang pinakamalayong barangay mula sa kabayanan ng Sampaloc: <https://www.facebook.com/MAOsampaloc>.

⁵ Kuwento rin ni Madonna Orquia, madalas mabanggit noon ng kaniyang Lola Sepa na isa sa mga unang kumadrone sa Sampaloc, na mabuti ang paghigop ng sabaw para sa mga bagong anak.

Tingnan sa <https://www.panlasangpinoymeatrecipes.com/lauya-recipe.htm>.

⁶ Nabanggit ito sa <https://iveg.pcaarrd.dost.gov.ph/crop/abelmoschus-manihot>.

Kakabit din ng malamig na katangian ng bayan ang orihinal na pangalan ng Sampaloc: Dingin, isang sityo noon ng Lucban, Quezon. Ayon

kay Victor Paz sa kaniyang artikulo na “Nicolas Encollado: Kapitan Kulas, Remontado, Manggagamot”, ito ay isang salitang Melayu na nangangahulugan ng “malamig” (82).

⁷ Nasa aklat na ito ang mga sheet music ng mga oyaying tinalakay.

⁸ Halimbawa ng mga mga oyayi na may pananakot sa bata: ang Caturug na Nonoy mula sa Bicol (Eugenio 76) at ang mga oyayi mula sa ibang kultura na nabanggit dito: https://www.huffpost.com/entry/18-dark-and-disturbing-lullabies-from-around-the-world_n_5af9eace4b044dffb4faab.

⁹ Bahagi ng proseso ng pagpapatulog ang paghimig-himig lamang kung kaya hindi kalabisang sabihin na ang oyayi ay hindi laging may liriko. Sa Pilipinas, nariyan ang “Uwawi” ng Kalinga na paulit-ulit lang sa paghimig ng uwawi, salitang lumilikha ng nakakakalmang tunog (Moran 29).

¹⁰ Para sa iba pang impormasyon ukol sa Socio Economic profile ng Quezon, tingnan ang <https://quezon.gov.ph/socio-economic-profile/>.

¹¹ Sa isang hiwalay na pag-aaral, iginiit kong “paggiliw” ito, hindi lamang basta paglalambing. Ayon sa KWF online diksiyonaryo, ang paggiliw ay nangangahulugang: “Pag-ibig na pinatitimyas ng pagkasabik na laging makapiling ng ginigiliw o makita man lamang siya.” Maiuugnay ito sa pakiramdam sa pananabik ng umalis na magulang hiyò at oyayi na makita ang minamahal na anak tulad ng makikita sa halimbawang ginamit sa salitang “giliw”: Ang giliw niyang anak ay mabait. Nakaugat ito sa pagmamahal na higit sa paglalambing.

¹² Dalawang halimbawa ng luwa na aking nakalap mula kay Lydia Gocon sa isang hiwalay na saliksik noong 2013:

1.

Dominus tates tanggal ang butones.

Upang tayong dalawa’y makapagmatamis.

2.

Ako'y may kabayo, aranghadong pula.

Aking inuula sa Ilayang Kumba

Kung lalapitan mo'y napungay ang mata.

Kung sasakyan mo nama'y nabuka ang paa.

¹³ May hiwalay akong mga sanaysay na nagpalalim sa mga ito. Ang kawalang-kibo ng ina ay tiningnan bilang hindi lubusang pagsang-ayon na magkaanak. Ayon kay Lomerio noong obserbasyon, maaaring ito'y dahil sa hindi pa sila "financially stable." Ang tungkol naman sa Kastila, "taeng mahaba", at maging ang tungkol sa ugnayan ng mag-asawa sa hiyò ukol kay Tarò ay tinalakay sa pamamagitan ng pagbabalik sa lokal na kasaysayan at politikal na ekonomiya ng Sampaloc at ang impluwensiya ng mga ito sa sa produksiyon ng hiyò.

Mga Sanggunian:

Almario, Virgilio, ed. *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman, 1996.

Alunan, Merlie. *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*. UP Press, 2015.

Brooks, Wendy. *Putting Lullabies to Bed: The Effects of Screened Presentations on Lullaby Practices*. *Australian Journal Music Education*. 2016: 50 (2). 83-97.

Cabanban, Evelyn at Raul Sunico. *Himig: A Collection of Philippine Folk Songs*. Tawid, Publications, 1996.

Cohen, David. *How the Child's Mind Develops*. Routledge, 2002.

- de Sanlucar, Pedro at Juan de Noceda. *Vocabulatio De La Lengua Tagala*.
Imprenta de Ramirez Y Girauder, 1860.
- Dulawan, Manuel. *Oral Literature of the Ifugao*. NCCA, 2005.
- Enriquez, Rev. Raul et al. *Likas Sampaloc 140*. Luses Cooperative, 2013.
- Eugenio, Damiana. *The Philippine Folk Songs*, v7. De La Salle University
Press, 1996.
- Go-Saga, Placida. *Folk Poetry of Southern Leyte: A Collection of Secular
and Religious Folk Poetry*. UP Press, 2010.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898: Traditions and Influences in
its Development*. 2nd ed. Ateneo de Manila University Press, 2001.
- Magdamo, Priscilla. *Folk Songs of the Visayas: Children's Edition*. vol. 2.
Silliman University Foundation for Musical Research, Composition
and Publication, 1958.
- Manuel, Arsenio. *Tayabas Tagalog Awit Fragments from Quezon Province*.
V17. UP Folklore Studies, 1958.
- _____. "A Lexicographic Study of Tayabas Tagalog." *The
Diliman Review*. v.19, no. 1-4. UP CAL, 1971.
- _____. *Guide for the Study of Philippine Folklore*. Philippine
Folklore Society, 1985.
- Macarandang, Gilbert. *Dingin: Alfonso XIII: Sampaloc: Kasaysayan, Kultura,
Turismo*. Pamahalaang Lokal ng Sampaloc, Quezon, 2015.
- Mirano, Elena. *Ang mga Tradisyonal na Musikang Pantinig sa Lumang
Bauan, Batangas*. NCCA, 1997.
- Mora, Manolette. *Myth, Mimesis and Magic in the Music of the T'boli,
Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2005.

- Moran, Melissa, pat. *Himig: A Collection of Philippine Folk Songs*.v.2. Tawid Publications,1996.
- Paz, Victor. “Nicolas Encollado: Kapitan Kulas, Remontado, Manggagamot”. *Philippine Social Sciences Review*. Special Issue. January-December 1994. CSSP, 1994.
- Prudente, Felicidad. pat. *Antukin: Philippine Folk Songs and Lullabies*. Tahanan Books, 1998.
- Rixhon, Gerard. *Voices from Sulu: A Collection of Tausug Oral Traditions*. Ateneo de Manila University Press, 2010.
- Santa Maria, Felixberto. *The Philippines in Songs and Ballad*. Cacho Hermanos, Inc., 1976.
- Tiongson, Nicanor. “Philippine Music.” nasa *CCP Encyclopedia of Philippine Art*. v.6.Cultural Center of the Philippines, 1994.
- Villareal, Corazon, pat. *Siday: Mga Tulang Bayan ng Panay at Negros*. Ateneo de Manila University, 1997.
- Wein, Clement. *Maguindanao Folksongs: Songs of Love*. University of San Carlos, 1985.
- Williams, Raymond. *Key Words. A Vocabulary of Culture and Society*. New Edition. Oxford Press, 2015.
- Ylagan, Flora. *Mga Awiting Bayan ng Tagalog*. v.4 no.7. Institute of National Language, 1938.

Pakikipanayam at Obserbasyon

- Bajar, Arsenia. Enero 9, 2023. Corehousing, Brgy. Alupay, Sampaloc, Quezon.
- Barnes, Mering. Video recording ng hiyò. Mayo 11, 2017. Brgy., Bayongan, Sampaloc, Quezon.

Daz, Kimberly. Enero 8, 2023. Brgy. Corehousing, Brgy. Apasan, Sampaloc, Quezon.

Gagan, Marilyn at Andy Gagan. Oktubre 21, 2022. Brgy. San Roque, Sampaloc, Quezon.

Gocon, Lydia. Interbyu sa luwa. Disyembre 2013. Brgy. San Roque, Sampaloc, Quezon.

Jarasa, Corazon “Coring”. Oktubre 10, 2022 at Abril 4, 2023. Brgy. San Isidro, Sampaloc, Quezon.

Ladines, Nerissa. Video recording ng hiyò. Abril 22, 2017. Brgy. San Isidro, Sampaloc, Quezon.

Lomerio, KJ. Enero 9, 2023. Brgy. Corehousing, Brgy. Alupay, Sampaloc, Quezon.

Pandy, Teodula “Diday”. Abril 5, 2023. Brgy. San Isidro, Sampaloc, Quezon.

Querejero, Madel at Ando Querejero. Enero 7, 2023. Brgy. Corehousing, Brgy. Banot, Sampaloc, Quezon.

Roazol, Enriquetta. Video recording ng hiyò. Mayo 11, 2017. Brgy. Alupay, Sampaloc, Quezon.

Villaverde, Vitaliana. Video recording ng hiyò. Mayo 10, 2017. Brgy. San Isidro, Sampaloc, Quezon.

WEBSITE / ONLINE

Aguilar, Freddie. “Anak”. <https://genius.com/Freddie-aguilar-anak-lyrics>.

Cities and Municipalities Competitiveness Index. sa <http://www.competitive.org.ph/cmcindex/pages/profile/?lgu=Sampaloc>. Inakses noong 29 Mayo 2017.

Lagikway. <https://iveg.pcaarrd.dost.gov.ph/crop/abelmoschus-manihot>.

Peryy, Nina. "The Universal Language of Lullabies". <https://www.bbc.com/news/magazine-21035103>.

Socio Economic Profile ng Lalawigan ng Quezon <https://quezon.gov.ph/socio-economic-profile/>

Schifellite, Manisha-Agarwal. "Frère Jacques, are you sleeping?". October 19, 2020. <https://news.harvard.edu/gazette/story/2020/10/research-shows-lullabies-in-any-language-relax-babies/>.

Bologna, Caroline. "18 Dark and Disturbing Lullabies from Around the World". May 16, 2018. https://www.huffpost.com/entry/18-dark-and-disturbing-lullabies-from-around-the-world_n_5af9eacee4b044dfff4faab.